فلبيني (غ.م)

Kasaysayan At Katangian Ni...

HESUS SA QUR'ÂN

عيسى في القرآن

Hot Line
(+965) 972 888 06



KASAYSAYAN AT KATANGIAN NI...

HESUS SA QUR'ÂN

عيسى في القرآن

Inihanda at Tinipon ni
Mojahid Gumander

إعداد وجمع
مجاهد غوماندر



MGA BATAYANG KAHULUGAN AT ALPABETONG ARABIK

Allăh	Pansariling pangalan ng nag-iisang tunay na Diyos. Siya ay walang pinanggalingan at walang katapusan. Siya ay hindi nagkaanak at hindi ipinanganak. Siya ay walang katulad at walang katambal. Siya ay tanging ganap at walang hanggan. Siya ay tagapaglikha at hindi nilikha. Siya ay hindi sumanib kaninuman at hindi nagkatawang tao. Siya ay hindi nakikita at walang sinuman ang maaaring makakita sa Kanya dito sa Mundo. Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba at wala ng iba.
Muḥammad	Siya ang kahuli-hulihan sa mga Propeta at Sugo. Ang kanyang ama ay si Àbdullăh na anak ni Àbdulmuṭṭalib, at ang kanyang ina ay si Āminah na anak ni Wahb. Siya ay Arabo na nagmula sa angkan ni Ismael (عليه السلام) na anak ni Abraham (عليه السلام). Siya ang ibinalita ni Hesus (عليه السلام) na isang Sugo na darating pagkaraan niya. Ipinagpatuloy niya ang katuruan ni Hesus (عليه السلام) upang ipatupad ang batas na pagsamba lamang sa nag-iisang tunay na Diyos.
Islām	Ganap na pagsuko at pagpapasakop sa nag-iisang tunay na Diyos, at pagtakwil sa

	anumang uri ng pagtatambal. Ito ay galing sa salitang arabik na salām na ang kahulugan ay kapayapaan.
Muslim	Ang taong sumusuko at nagpapasakop sa nag-iisang tunay na Diyos, at tumatakwil sa anumang uri ng pagtatambal.
Qur'ân	Salita ng Allăh (سبحانه وتعالى) na ipinahayag Niya kay Propeta Muḥammad (ﷺ) sa pamamagitan ni Jibreel (Anghel Gabriel), nagsisimula sa Sūrah Al-Fātiḥah at nagtatapos sa Sūrah An-Nās. Ito ang kahuli-hulihan sa mga banal na Kasulatan na ibinigay sa mga naunang Propeta at Sugo.
Ḥadeeth	Anumang nakasaad kay Propeta Muḥammad (ﷺ) mula sa salita, gawa, pahintulot o kaya'y katangian ng kanyang pagkatao at pag-uugali. Ito ay nagpapaliwanag din sa kahulugan ng banal na Qur'ân.
سبحانه وتعالى	Subḥānahu wa Ta'àalā: Kaluwalhatian sa Kanya, ang Kataas-taasan.
ﷺ	Ṣalla-Allăhu Àlayhi wa Sallam: Sumakanya ang pagpapala ng Allăh at kapayapaan.
عليه السلام	Àlayhis Salām: Sumakanya ang kapayapaan.
رضي الله عنه	Raḍi-Allăhu Ànhu: Kalugdan siya ng Allăh.

Ā/ā/aa	Mahaba ang pagbigkas sa letrang ito, at sa arabik ay (اء)
Àa/àa	Mahaba ang pagbigkas sa letrang ito, at sa arabik naman ay (عا)
ee/oo/ū	Mahaba rin ang pagbigkas sa mga letrang ito.

← ← ←

ح	ج	ث	ت	ب	أ
Ḥaa	Jeem	Thaa	Taa	Baa	Alif
س	ز	ر	ذ	د	خ
Seen	Zaay	Raa	Dzaal	Daal	Khaa
ع	ظ	ط	ض	ص	ش
Àyn	Ẓaa	Ṭaa	Ḍaad	Ṣaad	Sheen
م	ل	ك	ق	ف	غ
Meem	Laam	Kaaf	Qaaf	Faa	Ghayn
28		ي	و	هـ	ن
Arabic letters		Yaa	Waaw	Haa	Noon



ANG PANIMULA

Ang bawat papuri ay para sa Allăh (ﷻ), ang Panginoon ng mga nilalang. Nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay mapasahuling Propeta at Sugo na si Muḥammad (ﷺ).

Inihahandog po namin sa inyo ang babasahing ito na magbibigay liwanag tungkol sa tunay na kasaysayan at katangian ni Hesus (عليه السلام) na anak ni Maria. Ang mga talata na inyong nababasa dito ay mga pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa orihinal na arabik ng banal na Qur'ân.

﴾**Sabihin mo (O Muḥammad): O mga angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Halina kayo sa isang salita na makatarungan sa pagitan namin at ninyo, na huwag tayong sumamba (sa iba) maliban lamang sa Allăh, at huwag tayong magtambal ng anuman sa Kanya, at huwag nating itakda ang ilan sa atin bilang Panginoon bukod sa Allăh; at kung sila ay magsitalikod ay sabihin ninyo: Kayo ay saksi na kami ay mga Muslim**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:64).

﴾**Sabihin mo (O Muḥammad): O mga angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Huwag kayong magmalabis sa (hangganan ng) inyong**

relihiyon na naiiba sa katotohanan, at huwag ninyong sundin ang pagnanais ng mga tao na nangaligaw noong una, at nagligaw (o naglihis) sa karamihan, at nangalihis sa tamang landas﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:77).

﴾At kung ang mga angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay nagsisampalataya (naniwala sa Allăh at sa Kanyang Sugo na si Muḥammad) at nagkaroon ng pagkatakot (umiwas sa kasamaan), katiyakang Aming buburahin ang kanilang mga kasalanan at katiyakang sila ay Aming papapasukin sa mga Hardin (Paraiso) ng kasiyahan﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:65).

Samakatuwid, ang pinakamatibay na pamantayan ay sa pamamagitan ng pag-aaral ng banal na Kasulatan na may malinis na hangarin.

Nawa'y gabayan tayo ng Allăh (ﷻ) sa tamang landas tungo sa minimithing Paraiso.

Ust. Mojahid Gumander
Islam Presentation Committee, Kuwait
Monday: 9 Dzul Ḥijjah 1434H. - 14 October 2013G.
Email: mgipc@yahoo.com

ANG PAMILYA NI EMRĀN

Hindi lingid sa ating kaalaman na si Hesus (ﷺ) ay mayroong magulang, ang kanyang ina ay si Maria na ang tawag sa kanya sa arabik ay Maryam na anak ni Emrān. Ang pamilya ni Emrān ay isa sa mga pinili ng Allăh (ﷻ) na kung saan higit sa lahat ng mga nilalang sa kanilang kapanahunan. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Katotohanang pinili ng Allăh si Adan, at si Noah, at ang pamilya ni Abraham, at ang pamilya ni Emrān ng higit sa mga nilalang. Mga supling na ang iba ay mula sa iba (bawat isa sa kanila ay lahi ng isa't isa); at ang Allăh ang (ganap na) nakakarinig, ang (lubos na) nakakaalam**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:33-34).

Sa pagkakaroon ng bukas na puso't isipan, ang sariling pagtuklas ang siyang pinakatamang paraan sa paghahanap ng katotohanan.

SI ḤANNAH NA ASAWA NI EMRĀN

Ang ina ni Maria ay si Ḥannah na anak ni Fāqoudz. Si Ḥannah ay hindi magkaanak sa matagal na panahon at dahil sa kanyang taimtim na panalangin na magkaroon ng anak ay tinanggap ng Allăh (ﷻ) ang kanyang panalangin. Sa panahong nagdadalang tao si Ḥannah ay nangako na ihahandog niya ang kanyang anak tungo sa

pagsisilbi o paglilingkod sa Allăh (ﷻ). Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**Alalahanin, nang ang asawa ni Emrān (na si Ḥannah) ay nagsabi: O aking Panginoon! Katotohanang ako ay nangangako na ihahandog ko sa Iyo ang sanggol sa aking sinapupunan tungo sa paglilingkod sa Iyo (tanging sa pagsamba lamang sa Iyo), kaya't tanggapin Mo sa akin, katotohanang Ikaw ang (ganap na) nakakarinig, ang (lubos na) nakakaalam**﴾ (Sūrah Āl-Emrān 3:35).

Sa pag-aaral ng banal na Qur'ân, matatagpuan ang katotohanan at ang tamis na pananampalataya na siyang magbibigay ng tunay na kasiyahan at kapanatagan ng sarili.

SI MARIA NA ANAK NI EMRĀN

Nang maipanganak ni Ḥannah na asawa ni Emrān si Maria, siya ay nagpakupkop at nanalangin sa Allăh (ﷻ) na bigyang kalinga si Maria at ang magiging apo niya kay Maria laban sa kasamaan ni Satanas (demonyo) na isinumpa. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**At nang kanyang maipanganak siya (ang batang si Maria), sinabi niya (Ḥannah): O aking Panginoon! Ako ay nagsilang ng isang batang babae, at ang Allăh**

ang higit na nakakaalam sa kanyang (Ḥannah) isinilang, at ang lalaki ay hindi katulad ng babae (sa paglilingkod), at aking pinangalanan siyang Maryam (Maria), at ako ay nagpapakupkop sa Iyo para sa kanya (Maria) at sa magiging supling niya laban kay Satanas na isinumpa. Kaya't tinanggap siya (Maria) ng kanyang Panginoon (Allăh) ng may mabuting pagtanggap, at hinayaan Niya siya na lumaki sa kagandahang-asal, at inilagay siya sa ilalim ng pangangalaga ni Zakarias…﴾ (Sūrah Āl-Emrān 3:36-37).

Sa isang Ḥadeeth, ayon kay Abū Hurayrah (رضي الله عنه), sinabi ni Propeta Muḥammad (ﷺ): **“Walang sanggol na ipinapanganak maliban sa siya'y hinihimok ng demonyo (tila baga gustong angkinin) sa oras na ipinapanganak, kung kaya't umuuha-umiiyak (ang sanggol) dahil sa panghihimok ng demonyo sa kanya, maliban lang kay Maria at ang kanyang anak (na si Hesus).”**[1]

Dininig ng Allăh (سبحانه وتعالى) ang panalangin ni Ḥannah na ina ni Maria kung kaya't lumaki si Maria na may kagandahang-asal sa pamamagitan ng mabuting pangangalaga ni Zakarias.

(1) Ang Ḥadeeth na ito ay isang pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa tekstong arabik na makikita sa Tafseer Ibnu Katheer.

TUWING PINUPUNTAHAN NI ZAKARIAS SI MARIA

Ang napiling mangangalaga kay Maria sa kapahintulutan ng Allăh (ﷻ) ay si Zakarias kung kaya't mabuti at marangal ang paglaki ni Maria. Nilagay ni Zakarias si Maria sa isang pribadong silid na kung tawagin sa arabik ay Miḥrāb upang doon manatili, hinahatiran lamang siya ni Zakarias ng makain o inumin subalit namamangha si Zakarias tuwing pumupunta o bumibisita sa Miḥrāb dahil sa nakikita niyang mayroong mga pagkain o mga prutas si Maria. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿…tuwing pumapasok (o pumupunta) sa kanya (Maria) si Zakarias sa Miḥrāb (isang pribadong silid) ay natatagpuan niya na mayroon siyang panustos (o pagkain); sinabi niya (Zakarias): O Maria! Saan mo ba ito kinuha? Sinabi niya (Maria): Ito ay nanggaling sa Allăh, katotohanang ang Allăh ay nagbibigay ng panustos (ikabubuhay) sa sinumang Kanyang naisin ng hindi mabibilang﴾ (Sūrah Āl-Emrān 3:37).

Higit na makatotohanan ang salaysay sa banal na Qur'ân tungkol sa kasaysayan ni Maria na kung saan ang karangalan na ibinigay sa kanya ay hindi matatagpuan sa ibang mga Aklat.

NAGPAKITA ANG ANGHEL KAY MARIA

Nang si Maria ay naging ganap na dalaga, pansamantala muna siyang lumayo mula sa kanyang pamilya upang makapag-isa kung kaya't pumunta sa isang lugar sa gawing silangan ng Jerusalem, nagpakita sa kanya ang Espiritu (Anghel Gabriel) na nag-anyong isang lalaki. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**At alalahanin (O Muḥammad) ang nasa Aklat (Qur'ân) tungkol kay Maria, nang siya ay lumayo (upang makapag-isa) mula sa kanyang pamilya sa isang lugar sa gawing silangan. Siya (Maria) ay naglagay ng tabing (upang pangalagaan ang kanyang sarili) mula sa kanila, at Aming isinugo sa kanya (Maria) ang Aming Espiritu (Anghel Gabriel), at siya ay nag-anyo sa kanya ng isang ganap na tao**﴾ (Sūrah Maryam 19:16-17).

Kailanman ay hindi mapapantayan ang paggalang at pagmamahal ng mga Muslim kay Maria na kung saan ipinagtatanggol siya mula sa maselan na paninirang puri.

KABILANG SA PINAKAMAINAM NA BABAE SI MARIA

Pinili ng Allăh (ﷻ) si Maria dahil sa kanyang pagiging madasalin at marangal na babae kung kaya't siya ang

pinakamainam na babae sa kanyang kapanahunan. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**At alalahanin, nang ang Anghel (na si Gabriel) ay nagsabi: O Maria! Katotohanang pinili ka ng Allăh, at ginawa ka Niya na dalisay (malinis), at pinili ka Niya ng higit sa mga babaeng nilalang. O Maria! Isuko mo ang iyong sarili sa iyong Panginoon (Allăh) at ikaw ay magpatirapa, at ikaw ay yumukod na kasama ng mga yumuyukod**﴾ (Sūrah Āl-Emrān 3:42-43).

Sa isang Ḥadeeth, ayon kay Anas bin Mālik (ﷺ), sinabi ni Propeta Muḥammad (ﷺ): **"Ang mainam na mga babaeng nilalang ay apat: Maria na anak ni Emrān, Āsiyah na asawa ni Paraon, Khadeejah[(2)] na anak ni Khuwaylid at Fāṭimah na anak ni Muḥammad (ﷺ)."[(3)]**

Pinaniniwalaan ng mga Muslim na si Maria ay isang malinis na babae, siya ay sumusunod, sumusuko at

(2) Si Khadeejah ang unang asawa ni Propeta Muḥammad (ﷺ). Siya ay balo nang kanyang makilala si Propeta. Siya ay nagpakasal kay Propeta sa edad na apatnapu (40), samantalang si Propeta ay nasa dalawampu't lima (25). Siya ay hindi sumamba kailanman sa mga rebulto o anumang mga imahen na sinasamba ng mga tao noon pa man kahit na hindi pa niya nakilala si Propeta. Siya ang kauna-unahang babae na yumakap sa Islām.
(3) Ang Ḥadeeth na ito ay isang pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa tekstong arabik na makikita sa Tafseer Ibnu Katheer.

nagpapasakop sa nag-iisang tunay na Diyos, at kung tawagin sa salitang arabik ay Muslimah.

NAGPAKUPKOP SA ALLĂH SI MARIA

Nagulat at natakot si Maria nang makita niya ang Anghel na nag-anyong isang lalaki dahil sa ang pagkakaakala niya ay may balak na masama ang lalaking ito sa kanya, kaya humingi siya ng tulong at nagpakupkop sa Allăh (ﷻ) laban sa lalaking ito. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Sinabi niya (Maria): Katotohanang ako ay nagpapakupkop sa pinakamaawain (Allăh) laban sa iyo, kung ikaw ay may pagkatakot (sa Allăh)**﴿ (Sūrah Maryam 19:18).

Hindi alam ni Maria na isang Anghel pala ang lalaking nagpakita sa kanya, kaya't nagpakilala ang Anghel na siya ay sinugo lamang ng Allăh (ﷻ) upang maghatid ng magandang balita.

MAGANDANG BALITA KAY MARIA

Naghatid ng magandang balita ang Anghel kay Maria na kung saan magkakaroon siya ng isang anak na lalaki sa pamamagitan ng salita ng Allăh (ﷻ), na ang pangalan ng kanyang magiging anak ay Maseeḥ (Mesiyas o Kristo).

Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Alalahanin, nang ang Anghel (na si Gabriel) ay nagsabi: O Maria! Katotohanang ang Allǎh ay naghahatid sa iyo ng magandang balita ng isang salita mula sa Kanya, ang kanyang pangalan ay Maseeḥ (Mesiyas o Kristo), si Hesus na anak ni Maria, na may mataas na karangalan sa Mundo at sa kabilang buhay at magiging kabilang sa mga malalapit (sa Allǎh)**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:45).

﴾**Sinabi niya (Anghel): Ako ay isang Sugo lamang mula sa iyong Panginoon (Allǎh), upang ihandog para sa iyo ang isang matuwid na anak na lalaki**﴿ (Sūrah Maryam 19:19).

Kaaya-aya ang katangian ni Hesus (عليه السلام) sa Islām dahil napakadetalyado ang kanyang kasaysayan, at hindi pa siya naipanganak ng kanyang ina na si Maria ay ibinalita na ang kanyang karangalan.

NAGTAKA SI MARIA KUNG PAANO SIYA MAGKAKAROON NG ANAK

Nang maibalita ng Anghel kay Maria ang magandang balita na kung saan magkakaroon siya ng isang anak na lalaki, siya ay nagtaka kung paano at sa anong paraan siya magkakaroon ng anak samantalang wala naman

siyang asawa at mas lalong hindi siya naging masamang babae. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Sinabi niya (Maria): O aking Panginoon! Paano mangyayaring ako ay magkakaroon ng anak na lalaki gayong walang sumaling sa akin na lalaki. Sinabi niya (Anghel): Kaya't ito ay mangyayari; ang Allăh ay lumilikha ng anumang Kanyang naisin, kapag itakda Niya ang isang bagay, Siya ay magsasabi lamang ng "Kun" mangyari "Fayakoon" at mangyayari nga**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:47).

﴾**Sinabi niya (Maria): Paano mangyayaring ako ay magkakaroon ng batang lalaki gayong walang sumaling sa akin na lalaki, at hindi ako naging masamang babae. Sinabi niya (Anghel): Kaya't ito ay mangyayari; ang iyong Panginoon (Allăh) ay nagsabi: Yaon ay magaan sa Akin…**﴿ (Sūrah Maryam 19:20-21).

Kapag ang Allăh (ﷻ) ay nagtakda o kaya'y nagnais ng isang bagay, magsasabi lamang Siya ng "Kun Fayakoon" mangyari at mangyayari nga. Tanging ang Allăh (ﷻ) lamang ang nag-iisang tunay na Diyos na lumikha ng sangkatauhan at sanlibutan.

SI HESUS AY ISANG TANDA PARA SA SANGKATAUHAN

Ang pagkakaroon ni Maria ng anak ay magaan lamang sa Allăh (سبحانه وتعالى), at ang batang magiging anak ni Maria na si Hesus (عليه السلام) ay isang tanda ng kakayahan ng Allăh (سبحانه وتعالى) para sa sangkatauhan. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**…at Aming gagawin siya (Hesus) bilang isang tanda (o katibayan) para sa sangkatauhan at isang awa (o habag) mula sa Amin, at ito ay isang bagay na itinakda na (ng Allăh). At kanyang (Maria) ipinagbuntis siya, at kanyang inilayo siya (ang dinadalang-tao) sa isang malayong lugar**﴾ (Sūrah Maryam 19:21-22).

Nilalang si Hesus (عليه السلام) sa sinapupunan ng kanyang ina na si Maria, hindi sa pamamagitan ng punlay ng isang lalaki kundi sa pamamagitan ng salita ng Allăh (سبحانه وتعالى).

SI HESUS AY NILIKHA NA WALANG AMA

Ang paglikha ng Allăh (سبحانه وتعالى) kay Hesus (عليه السلام) na walang ama ay kahalintulad ng pagkakalikha kay Adan (عليه السلام) sa pamamagitan ng pagsabi ng Allăh (سبحانه وتعالى) ng "Kun Fayakoon" mangyari at mangyayari nga. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Katotohanang ang kahalintulad ni Hesus sa Allăh ay kahalintulad ni Adan; Kanyang nilikha siya (Adan) mula sa alabok, pagkatapos ay Kanyang sinabi sa kanya: “Kun” mangyari “Fayakoon” at mangyayari nga (nalikha). Ito ang katotohanan (tungkol kay Hesus) mula sa iyong Panginoon, kaya’t huwag kang mapabilang sa mga (taong) nag-aalinlangan**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:59-60).

Kung susuriin natin mabuti, ang paglikha sa mga tao ay mayroong apat na uri:

1. Si Adan (عليه السلام) ay nilikha na walang ama at ina.
2. Si Eba ay nilikha na walang ina.
3. Si Hesus (عليه السلام) ay nilikha na walang ama.
4. At ang karaniwang mga tao ay nilikha na may ama at ina.

Bagama’t ang paglikha sa mga tao sa iba’t ibang pamamaraan ay tanda ng kakayahan, kadakilaan at kapangyarihan ng Allăh (سبحانه وتعالى), ang nag-iisang tunay na Diyos.

SI HESUS AY NAGSALITA NOONG NASA DUYAN PA

Dinala ni Maria ang kanyang anak na si Hesus (عليه السلام) sa kanyang pamayanan, ang mga tao ay nagulat sa sanggol na dala-dala ni Maria kung kaya’t sila ay nagtanong sa kanya kung bakit niya nagawang magkaanak

samantalang ang kanyang mga magulang ay mga mararangal at mabubuting tao. Itinuro lamang ni Maria ang kanyang anak na si Hesus (ﷺ) at ito ay nagsalita sa kapahintulutan ng Allăh (ﷻ). Narito ang talata sa banal na Qur’ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Sinabi niya (ang sanggol na si Hesus): Katotohanang ako ay isang alipin ng Allăh, binigyan Niya ako ng Aklat (Injeel) at ginawa (o hinirang) Niya ako bilang isang Propeta. At ginawa Niya akong mapagpala (nabibiyayaan) saan man ako naroroon, at tinagubilinan (o pinag-utusan) Niya ako ng pagsasagawa ng Ṣalāh (pagdarasal) at pagbibigay ng Zakāh (katungkulang kawang-gawa) habang ako ay nabubuhay. At maging masunurin sa aking ina, at hindi Niya ako ginawa na maging ubod ng sama at malupit. At mapasaakin ang kapayapaan sa araw na ako ay ipinanganak, at sa araw na ako ay mamamatay, at sa araw na ako ay muling ibabangon sa pagkabuhay**﴿ (Sūrah Maryam 19:30-33).

Ang pagsalita ni Hesus (ﷺ) sa panahong siya’y nasa duyan pa ay isang napakalaking himala, akmang-akma sa kanyang karangalan sa Islām.

SI HESUS AY MAY MGA HIMALA

Ang mga himala ni Hesus (ﷺ) ay tulad ng pagpapapagaling niya sa mga may sakit, sa ketongin, sa

bulag, ang pagbuhay niya sa patay, ang paghugis niya sa putik na hugis ng isang ibon at kapag hinipan niya ito ay nagiging ibon, nasasabi niya ang mga bagay na nakaimbak sa loob ng bahay ng isang tao at iba pa. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**At hinirang siya (Hesus) bilang isang Sugo sa mga angkan ng Israel (na nagsabi sa kanila): Ako ay naparito sa inyo na may dalang tanda (o katibayan) mula sa inyong Panginoon (Allăh), na gagawa ako para sa inyo mula sa malagkit na putik na katulad ng hugis ng isang ibon at hihipan ko ito at magiging isang ibon sa kapahintulutan ng Allăh; at pagagalingin ko ang mga isinilang na bulag at ang ketongin, at bubuhayin ko ang mga patay sa kapahintulutan ng Allăh; at babanggitin ko sa inyo kung ano ang inyong kinakain at kung ano ang inyong iniimbak (o itinatago) sa inyong mga tahanan; katotohanang narito ang isang tanda para sa inyo kung kayo ay (tunay na) nananampalataya**﴾ (Sūrah Āl-Emrān 3:49).

Ang lahat ng mga himala na ito ay mga kamangha-manghang bagay na kung iisipin natin ay imposibleng mangyayari, subalit ito ay nangyayari lamang sa kapahintulutan ng Allăh (ﷻ). Sa katunayan, ang bawat Sugo ng Allăh (ﷻ) ay ginawaran ng mahimalang tanda o katibayan na hindi kayang tularan ng sinumang tao.

SI HESUS AY ISANG PROPETA AT SUGO

Kinikilala sa Islām si Hesus (ﷺ) bilang isang Propeta at Sugo ng Allăh (ﷻ) at iginagalang siya tulad ng paggalang sa iba pang mga Propeta at Sugo. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Ang Maseeḥ (Mesiyas o Kristo) na anak ni Maria ay walang iba kundi isang Sugo (lamang), maraming mga Sugo ang nagdaan nang una pa sa kanya, at ang kanyang ina ay isang babaeng makatotohanan…**﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:75).

﴾**Sinabi niya (Hesus): Katotohanang ako ay isang alipin ng Allăh, binigyan Niya ako ng Aklat (Injeel) at ginawa (o hinirang) Niya ako bilang isang Propeta**﴿ (Sūrah Maryam 19:30).

﴾**At alalahanin, nang si Hesus na anak ni Maria ay nagsabi: O mga angkan ng Israel! Ako ay isang Sugo ng Allăh na ipinadala sa inyo…**﴿ (Sūrah Aṣ-Ṣaff 61:6).

Hindi tinatanggap sa Islām ang paniniwalang si Hesus (ﷺ) ay Diyos o kaya'y binhi ng Diyos, sapagkat kailanman ay hindi nag-utos si Hesus (ﷺ) sa mga tao na ituring siya bilang Diyos, ang tanging sinabi niya sa kanila ay kung ano ang ipinag-utos sa kanya ng Allăh (ﷻ) na sabihin.

SI HESUS AT ANG KANYANG INA AY KAPWA KUMAKAIN NG PAGKAIN

Minamahal at pinaniniwalaan ng mga Muslim si Hesus (عليه السلام) subalit ang paniniwala sa kanya ay hindi humigit sa isang Propeta at Sugo lamang, siya at ang kanyang ina na si Maria ay kapwa kumakain ng pagkain sapagkat sila ay mga tao rin na katulad nating nangangailangan ng pagkain at inumin. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾…silang dalawa (si Hesus at ang kanyang ina na si Maria) ay kapwa kumakain ng pagkain, pagmasdan kung paano Namin ginawang maliwanag (o malinaw) ang mga tanda (o katibayan) sa kanila, pagkatapos ay pagmasdan kung paano sila napapaligaw (napapalayo sa katotohanan)﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:75).

Katotohanan, ang Allăh (سبحانه وتعالى) na nag-iisang tunay na Diyos ay walang pangangailangan kaninuman tulad ng pagkain, inumin o tulong subalit ang lahat ay ganap na nangangailangan sa Kanya.

SI HESUS AY NAG-ANYAYA NG PAGSAMBA SA ALLĂH

Binigyang liwanag sa Islām ang tungkol sa layunin ni Hesus (عليه السلام) na kung saan isinugo siya upang ipagpatuloy

at ipatupad ang pagsamba sa nag-iisang tunay na Diyos, ang Allăh (ﷻ). Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**…at ako ay naparito sa inyo na may dalang tanda (o katibayan) mula sa inyong Panginoon (Allăh); kaya't katakutan ninyo ang Allăh, at ako ay inyong sundin. Katotohanang ang Allăh ang aking Panginoon at inyong Panginoon kaya't sambahin ninyo Siya, ito ang matuwid na landas**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:50-51).

Kung ang katawan ng tao ay hindi mabubuhay ng walang pagkain, gayon din ang kaluluwa nito, kung wala itong makain ay hindi makakamit ang maligayang buhay na walang hanggan sa Paraiso, at ang pagkain ng kaluluwa ay ang pagsamba sa Allăh (ﷻ), ang nag-iisang tunay na Diyos.

SI HESUS AY BINIGYAN NG AKLAT NA INJEEL

Isa sa mga haligi ng pananampalatayang Islām ay ang paniniwala sa mga Aklat na ibinigay ng Allăh (ﷻ) sa mga dakilang Propeta at Sugo, kabilang sa binigyan ng Aklat si Hesus (عليه السلام) bilang panuntunan at patnubay. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**At sa kanilang mga (Propeta) yapak ay Aming pinasunod (isinugo) si Hesus na anak ni Maria, na**

nagpapatotoo sa Tawrah na dumatal nang una pa sa kanya, at Aming ipinagkaloob sa kanya ang Injeel na naririto ang patnubay at liwanag at nagpapatotoo sa Tawrah na dumatal nang una pa sa kanya at isang patnubay at pangangaral (o paala-ala) sa mga may pagkatakot (sa Allăh). At hayaang humatol ang mga tao (tagasunod) ng Injeel ng ayon sa ipinahayag ng Allăh dito (na mga batas), at ang sinumang hindi humatol ng ayon sa ipinahayag ng Allăh, sila ay mga mapaghimagsik﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:46-47).

﴾Sinabi niya (Hesus): Katotohanang ako ay isang alipin ng Allăh, binigyan Niya ako ng Aklat (Injeel) at ginawa (o hinirang) Niya ako bilang isang Propeta﴿ (Sūrah Maryam 19:30).

Ang mga Muslim ay naniniwala sa lahat ng mga Aklat na ibinigay o ipinahayag sa mga Propeta at Sugo ngunit sa orihinal na anyo nito, tulad ng mga sumusunod:

1. Ang Ṣuḥof – ibinigay kay Propeta Abraham (ﷺ).
2. Ang Zaboor – ibinigay kay Propeta David (ﷺ).
3. Ang Tawrah – ibinigay kay Propeta Moises (ﷺ).
4. Ang Injeel – ibinigay kay Propeta Hesus (ﷺ).
5. Ang Qur’ân – ipinahayag kay Propeta Muḥammad (ﷺ).

Ngunit sa paglipas ng maraming panahon, tanging ang banal na Qur'ân lamang ang nananatili sa orihinal nitong anyo, walang nabago, nabawas o kaya'y nadagdag.

SI HESUS AY NAGTANONG KUNG SINO ANG KANYANG MAKAKATULONG

Napag-alaman ni Hesus (عليه السلام) ang kawalan ng pananampalataya ng mga angkan ng Israel at binabalak nila siyang patayin, kaya nagtanong siya kung sino ang kanyang makakatulong o makakasama tungo sa landas ng Allăh (سبحانه وتعالى), at ang kanyang mga disipulo ay nagtugon sapagkat sila ay mga sumasampalataya. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾At nang maramdaman (o mapag-alaman) ni Hesus ang kanilang kawalan ng pananampalataya, siya ay nagsabi: Sino baga ang aking makakatulong (makakasama o tagapagtangkilik) tungo sa (landas ng) Allăh? Sinabi ng mga disipulo: Kami ang mga katulong (tagapagtangkilik) ng Allăh, kami ay sumampalataya (naniwala) sa Allăh at ikaw (Hesus) ay magiging saksi (testigo) na kami ay mga Muslim﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:52).

Ang pananampalataya ng isang Muslim ay hindi lagi nang magkakatulad ang antas sapagkat ito ay maaaring bumaba o tumaas, ngunit sa pamamagitan ng mga kaalaman na natututunan sa araw-araw na kung saan

isinasabuhay ng tao ay ang pananampalataya nito ay nagiging matatag at malakas.

SI HESUS AY NAGBABALA SA MGA TAONG NAGTATAMBAL SA ALLĂH

Ang dakilang utos mula pa noong unang panahon ay ang pagsamba sa nag-iisang tunay na Diyos, ang Allăh (ﷻ) na walang katambal. Kaya't si Hesus (ﷺ) ay isinugo sa mga angkan ng Israel upang sila'y gisingin mula sa kanilang pagkaligaw, at ipangaral sa kanila na sumamba lamang sa nag-iisang tunay na Diyos. Ang sinumang gumawa ng pagtatambal ay ipagkakait sa kanya ang Paraiso at ang kanyang magiging tirahan ay Impiyerno. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾…at ang Maseeḥ (Mesiyas o Kristo) ay nagsabi: O mga angkan ng Israel! Sambahin ninyo ang Allăh, na aking Panginoon at inyong Panginoon, katotohanang ang sinumang magtambal sa Allăh ay tunay na ipagkakait sa kanya ng Allăh ang Paraiso at ang Apoy (Impiyerno) ang kanyang magiging tirahan; at ang mga mapagsamba sa mga diyus-diyusan, sila ay walang magiging tagapagtangkilik﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:72).

Ang sinumang gumawa ng kasalanan ay siya rin ang mananagot sa kanyang ginawang kasalanan, kaya ang

doktrina ng pagtubos o pagmamana ng kasalanan ay wala sa katuruan sa Islām.

SI HESUS AT ANG PAGKABABA NG DULANG MULA SA LANGIT

Humiling ang mga disipulo o mga tagasunod ni Hesus (ﷺ) na padalhan sila ng isang dulang na may pagkain mula sa langit, gusto nilang kumain dito at upang mapanatag narin ang kanilang kalooban at mapatunayan ang katotohanang si Hesus (ﷺ) ay isang Propeta. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾Alalahanin, nang ang mga disipulo ay nagsabi: O Hesus na anak ni Maria! Makakaya ba ng iyong Panginoon na magpababa (o magpadala) sa amin ng isang dulang (na may pagkain) mula sa langit? Sinabi niya (Hesus): Katakutan ninyo ang Allăh kung kayo ay (tunay na) nananampalataya. Sila ay nagsabi: Gusto naming kumain dito (sa dulang na may pagkain), at bigyang kapanatagan ang aming mga puso (kalooban) at upang aming malaman na katiyakang ikaw ay nagsasabi sa amin ng katotohanan at kami ay magiging kabilang sa mga saksi (na ito ay isang tanda mula sa Allăh). Sinabi ni Hesus na anak ni Maria: O Allăh, aming Panginoon! Ipadala Mo sa amin ang isang dulang (na may pagkain) mula sa langit upang maging isang

pagdiriwang para sa una at huli sa amin at isang tanda mula sa Iyo; at bigyan Mo kami ng panustos (ikabubuhay), sapagkat Ikaw ang pinakamainam sa mga tagapagtustos. Sinabi ng Allăh: Ako ay magpapadala nito sa inyo, datapuwa't sinuman sa inyo makaraan nito ang bumalik sa kawalan ng pananampalataya, siya ay Aking parurusahan ng isang kaparusahan na hindi Ko pa naipaparusa sa isa man sa mga nilalang﴿ (Sūrah Al-Māidah 5:112-115).

Sa isang Ḥadeeth, ayon kay Àmmār bin Yāsir (ﷺ), sinabi ni Propeta Muḥammad (ﷺ): **"Ibinaba ang isang dulang mula sa langit na may tinapay at laman..."**[(4)]

Pagmasdan natin ang kadakilaan ng Allăh (ﷻ), ang nag-iisang tunay na Diyos na may walang hanggang kapangyarihan. Kaya ang Allăh (ﷻ) lamang ang nararapat nating sambahin.

(4) Ang Ḥadeeth na ito ay isang pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa tekstong arabik na makikita sa Tafseer Ibnu Katheer. Ayon kay Àbdullăh bin Omar kanyang sinabi: Katotohanang ang higit na may matinding kaparusahan sa mga tao sa araw ng muling pagkabuhay ay tatlo: Ang mga taong mapagkunwari, at ang sinumang bumalik sa kawalan ng pananampalataya mula sa mga taong pinadalhan ng dulang, at ang mga angkan ni Paraon.

SI HESUS AY NAGSABI NA MAYROONG DARATING NA ISANG SUGO PAGKARAAN NIYA

Sa katunayan, si Hesus (ﷷ) ay nagpatotoo sa naunang Kasulatan at nagbigay ng magandang balita sa mga tao na kung saan mayroong darating na isang Sugo pagkaraan niya. Narito ang talata sa banal na Qur’ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**At alalahanin, nang si Hesus na anak ni Maria ay nagsabi: O mga angkan ng Israel! ako ay isang Sugo ng Allăh na ipinadala sa inyo, na nagpapatotoo sa Tawrah na dumatal nang una pa sa akin, at nagbibigay sa inyo ng magandang balita ng isang Sugo na darating pagkaraan ko, ang kanyang pangalan ay Aḥmad; datapuwa’t nang siya (Aḥmad) ay dumating sa kanila na may mga maliwanag na katibayan (o tanda), sila ay nagsabi: Ito ay isang maliwanag na salamangka**﴿ (Sūrah Aṣ-Ṣaff 61:6).

Sa isang naisalaysay na Ḥadeeth, sinabi ni Propeta Muḥammad (ﷺ): **“Katotohanang mayroon akong mga pangalan: Ako si Muḥammad at ako rin si Aḥmad, at ako si Al-Māḥi na kung saan sa pamamagitan nito ay inaalis ng Allăh ang kufr (kawalan ng pananampalataya), at ako si Al-Ḥāshir na kung saan bubuhayin muli ang mga tao sa aking bakas (siya ang unang bubuhayin muli bago ang ibang mga tao), at**

ako si Al-Àaqib (kung saan wala ng Propeta pagkaraan niya).”[(5)]

At sa isa pang Ḥadeeth, ayon kay Abū Mūsa (ﷺ) kanyang sinabi: Pinangalanan sa amin ni Propeta Muḥammad (ﷺ) ang kanyang sarili ng mga pangalan, kabilang sa aming natatandaan na kanyang sinabi: **“Ako si Muḥammad at ako rin si Aḥmad, at (ako si) Al-Ḥāshir...”**[(6)]

Kaya, walang pag-aalinlangan na ang taong tinutukoy ni Hesus (عليه السلام) na darating sa pangalang Aḥmad ay si Propeta Muḥammad (ﷺ). Siya ang inutusan ng Allăh (سبحانه وتعالى) upang ituwid ang mga pagbabagong ginawa ng mga tao sa orihinal na katuruan ni Hesus (عليه السلام) at ng iba pang mga Sugo.

SI HESUS AY HINDI NAPATAY AT HINDI NAIPAKO SA KRUS

Iginigiit ng mga Hudyo na kanilang napatay at naipako sa krus si Hesus (عليه السلام), ito ay isang puspos ng alinlangan at haka-haka lamang nila sapagkat ang katotohanan ay hindi nila siya napatay ni naipako sa krus, at kung may

(5) Ang Ḥadeeth na ito ay isang pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa tekstong arabik na makikita sa Tafseer Ibnu Katheer.
(6) Ang Ḥadeeth na ito ay isang pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa tekstong arabik na makikita sa Tafseer Ibnu Katheer.

napatay o naipako man sila sa krus iyon ay isang inaakala nilang si Hesus (عليه السلام). Narito ang talata sa banal na Qur’ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴿**At sa kanilang pagsasabi (na may kapalaluan): Pinatay namin ang Maseeḥ (Mesiyas o Kristo) na si Hesus na anak ni Maria, ang Sugo ng Allăh, datapuwa’t hindi nila siya napatay at hindi nila siya naipako sa krus subalit hinalintulad sa kanila (inaakala nilang si Hesus), at katotohanang silang mga hindi nagkakasundo rito ay puspos ng alinlangan, wala silang kaalaman hinggil dito kundi isang pagsunod (lamang) sa haka-haka, sapagkat hindi nila siya (Hesus) tiyak na napatay**﴾ (Sūrah An-Nisā 4:157).

Hindi kailanman pinabayaan ng Allăh (سبحانه وتعالى) ang Kanyang dakilang Propeta at Sugo na si Hesus (عليه السلام), kaya haka-haka lamang ng mga taong mapaggawa ng kasinungalingan ang silang naglihis ng katotohanan.

SI HESUS AY ITINAAS SA LANGIT

Maraming nag-aakala na si Hesus (عليه السلام) ay nahuli, naipako sa krus at napatay ng mga Hudyo, subalit ang katotohanan ay kinuha at itinaas siya ng Allăh (سبحانه وتعالى) sa langit. Narito ang talata sa banal na Qur’ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Datapuwa't itinaas siya (Hesus) ng Allăh patungo sa Kanya, at ang Allăh ang (ganap na) makapangyarihan, ang (higit na) may karunungan**﴿ (Sūrah An-Nisā 4:158).

﴾**Alalahanin, nang ang Allăh ay nagsabi: O Hesus! Katotohanang ikaw ay Aking kukunin at itataas patungo sa Akin at ikaw ay dadalisayin sa (maling paratang at kasinungalingan ng) mga hindi nananampalataya, at Aking gagawing nakahihigit yaong mga sumusunod sa iyo kaysa sa mga hindi nananampalataya hanggang sa araw ng muling pagkabuhay; pagkatapos, kayo ay magbabalik sa Akin at Ako ang hahatol sa pagitan ninyo sa anumang dati ninyong pinagtatalunan (o hindi pinagkakasunduan)**﴿ (Sūrah Āl-Emrān 3:55).

Sa isang naisalaysay na Ḥadeeth, sinabi ni Propeta Muḥammad (ﷺ) sa mga Hudyo: **"Katotohanang si Hesus ay hindi namatay, at katotohanang siya ay babalik sa inyo bago (dumatal) ang araw ng muling pagkabuhay"**[7]

Napakainam ang banal na Qur'ân, sapagkat nasasaad dito ang tunay na pangyayari tungkol kay Hesus (عليه السلام) upang malaman ng mga tao ang katotohanan at maituwid ang kanilang maling paniniwala.

(7) Ang Ḥadeeth na ito ay isang pagkakasalin ng kahulugan lamang mula sa tekstong arabik na makikita sa Tafseer Ibnu Katheer.

SI HESUS AY TATANUNGIN SA ARAW NG PAGHUHUKOM

Dahil sa maling paratang kay Hesus (ﷺ) na siya ay itinuring ng mga tao bilang isang Diyos, Diyos na nagkatawang-tao o kaya'y anak ng Diyos, pagdating sa araw ng paghuhukom ay tatanungin siya ng Allăh (ﷻ). Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**At alalahanin, nang ang Allăh ay magsabi (sa araw ng muling pagkabuhay): O Hesus na anak ni Maria! Ikaw ba ay nagsabi sa mga tao na ituring ninyo ako (Hesus) at ang aking ina (na si Maria) bilang dalawang Diyos bukod sa Allăh? Siya (Hesus) ay magsabi: Kaluwalhatian sa Iyo (O Allăh)! Hindi mangyayari sa akin na sabihin ang anumang bagay na wala sa akin ang karapatan; kung aking sinabi ang gayong bagay ay katotohanang ito ay Iyong nababatid, alam (batid) Mo kung ano ang nasa aking kalooban at hindi ko alam (batid) ang nasa Iyong kalooban, katotohanang Ikaw ang ganap na nakakaalam ng lahat ng mga nakalingid. Wala akong sinabi sa kanila maliban lamang sa kung ano ang Iyong ipinag-utos sa akin na sabihin: Sambahin ninyo ang Allăh, na aking Panginoon at inyong Panginoon, at ako ay isang saksi sa kanila habang ako ay nasa kanilang lipon; datapuwa't nang ako ay Iyong kunin (itinaas sa langit), Ikaw ang tagamasid**

sa kanila, at Ikaw ang saksi sa bawat bagay. Kung sila ay Iyong parurusahan, sila ay Iyong mga alipin; at kung sila ay Iyong patatawarin, katotohanang Ikaw ay tanging ikaw (lamang) ang (ganap na) makapangyarihan, ang (ganap na) may karunungan﴿ Sūrah (Al-Māidah 5:116-118).

Napakalaking biyaya ang banal na Qur'ân, sa pamamagitan nito ay natutuklasan natin ang katotohanan maging sa nakalipas na pangyayari, sa kasalukuyan na pangyayari o kaya'y sa hinaharap na pangyayari.

SI HESUS AY MULING BABALIK SA LUPA

Kung ang mga Kristiyano ay naniniwala sa muling pagbabalik[8] ni Hesus (عليه السلام), ganon din ang mga Muslim sapagkat kabilang sa pinaniniwalaan sa Islām na hindi magaganap ang katapusan ng Mundo hanggang hindi bumabalik si Hesus (عليه السلام) sa lupa.

Sa katunayan, si Hesus (عليه السلام) ay bababa sa gawing silangan ng Damascus, nakapatong ang kanyang dalawang kamay sa mga pakpak ng dalawang Anghel, kapag iniyuko niya ang kanyang ulo ay may tatagaktak na tubig, at kapag iniangat naman niya ito ay may malalaglag mula dito na katulad ng mga Perlas.

(8) Ang mga nabanggit sa babasahing ito hinggil sa muling pagbabalik ni Hesus (عليه السلام) sa lupa ay sinipi at isinalin mula sa tekstong arabik ng mga Ḥadeeth ni Propeta Muḥammad (ﷺ).

Ang muling pagbabalik ni Hesus (ﷺ) ay may mga mahahalagang dahilan na dapat matupad, kabilang dito ang pagpatay niya kay Dajjāl, babaliin niya ang krus, papatayin niya ang baboy, aalisin niya ang Jizyah (buwis) kung kaya sa panahong iyon ay sasagana ang kayamanan at wala ng sinumang tatanggap nito, at aanyayahan niya ang mga tao sa Islām upang maibalik ang wagas at malinis na pagsamba sa Allăh (ﷻ). Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**At walang sinuman (o isa man) sa mga angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) kundi maniniwala sa kanya (kay Hesus na anak ni Maria bilang isang Sugo ng Allăh) bago dumatal ang kanyang (Hesus) kamatayan; at sa araw ng muling pagkabuhay, siya (Hesus) ay magiging saksi (testigo) laban sa kanila**﴿ (Sūrah An-Nisā 4:159).

Katotohanan, ang Islām ang tanging relihiyon na nagbibigay ng malinaw na paliwanag tungkol kay Hesus (ﷺ) at sa kanyang muling pagbabalik sa lupa.

SI HESUS ANG PAPATAY KAY DAJJĀL

Si Dajjāl[(9)] ay isang lalaki na mula sa angkan ni Adan (عليه السلام) na darating sa nalalapit na katapusan ng Mundo, may maraming katangian na nabanggit sa mga Ḥadeeth ni Propeta Muḥammad (ﷺ), kabilang sa kanyang katangian, tunay na siya ay isang lalaking binata, pandak, bukaka ang paa, kulot ang buhok, bulag (nabura) ang kanang mata at may diperensya ang kaliwang mata, at may nakasulat sa pagitan ng kanyang dalawang mata na Kāfir (كافر) na mababasa ng bawat Muslim.

Si Dajjāl ay mag-aangkin ng pagka-Diyos. Siya ay mayroong tubig at apoy; ang tubig na nakikita ng mga tao ang siyang apoy na nakakasunog, at ang apoy naman na nakikita ng mga tao ang siyang malamig na tubig-tabang. Siya ay maglilibot sa kalupaan ng sobrang bilis katulad ng ulan na itinutulak ng malakas na hangin, pupunta siya sa mga tao upang anyayahan sila, sa sandaling ito ay maniniwala at tutugon sila sa kanya kaya't pag-uutusan niya ang langit para umulan at uulan ito, at pag-uutusan niya ang lupa para tumubo ang mga pananim at tutubo ito…

(9) Ang mga nabanggit sa babasahing ito hinggil sa mga katangian ni Dajjāl ay sinipi at isinalin mula sa tekstong arabik ng mga Ḥadeeth ni Propeta Muḥammad (ﷺ). Tinatawag din si Dajjāl na "Al-Maseeḥ Ad-Dajjāl" ibig sabihin ayon sa pagkakasalin nito ay ang Bulaang Kristo o kaya'y ang Anti-Kristo, sapagkat siya ay puspos ng kasinungalingan.

pupunta naman siya sa mga tao upang anyayahan sila, ngunit sa sandaling ito ay pasisinungalingan nila siya at hindi nila tatanggapin ang kanyang sinasabi kaya't aalis siya at sasama sa kanya ang kanilang mga kayamanan.

Mananatili si Dajjāl sa lupa ng apatnapung araw, ang unang araw ay gaya ng isang taon, ang ikalawang araw ay gaya ng isang buwan, ang ikatlong araw ay gaya ng isang biyernes (o isang lingo), at ang nalalabing mga araw niya ay gaya ng mga karaniwang araw. Lahat ng lugar sa buong Mundo ay papasukin niya, maliban sa Makkah at Madeenah sapagkat hindi niya kayang pasukin ang dalawang lugar na ito dahil sa binabantayan ng mga Anghel.

Kaya, sa kapahintulutan ng Allăh (ﷻ) ay bababa si Hesus (ﷺ) sa gawing silangan ng Damascus at papatayin niya si Dajjāl, sa pintuang Ludd (isang lugar sa Palestine) niya maaabutan si Dajjāl kung kaya't dito niya mapapatay.

Bagama't batid nating lahat na ang bawat may buhay ay may kamatayan. Narito ang talata sa banal na Qur'ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Ang bawat may buhay ay makakatikim (o makakalasap) ng kamatayan**﴿ (Sūrah Al-Ànkaboot 29:57).

Sa katunayan, mayroong panangga laban sa kasamaan ni Dajjāl, at kabilang sa pananggang ito ay ang pagsasaulo ng unang sampung talata ng Sūrah Al-Kahf (kabanata 18) sa banal na Qur’ân.

YA’JOOJ wa MA’JOOJ

Ang Ya’jooj wa Ma’jooj[10] ay mula sa angkan ni Adan, ang kanilang paglitaw ay kabilang sa malaking palatandaang nalalapit na ang katapusan ng Mundo kung kaya’t lilitaw sa mga tao at mabilis na magsipangalat sa kalupaan upang gumawa ng malaking kabuktutan. Narito ang talata sa banal na Qur’ân ayon sa pagkakasalin ng kahulugan:

﴾**Hanggang sa kapag nabuksan (nakawala sa kanilang hadlang) ang Ya’jooj wa Ma’jooj, at sila ay mabilis na magsipangalat mula sa bawat talampas. At nalalapit na ang tunay na pangako (ang araw ng muling pagkabuhay); at kapag sumapit na ito, ang mga mata ng mga hindi nananampalataya ay nakatitig sa pagkasindak (na sila ay magsasabi): kasawian sa amin! Katotohanang kami ay nagpabaya rito, datapuwa’t walang pag-aalinlangan na kami ay hindi naging makatarungan (mapagsamba sa mga diyus-diyusan)**﴿ (Sūrah Al-Anbiyā 21:96-97).

Kabilang sa katangian ng Ya’jooj wa Ma’jooj, tunay na sila ay malalapad ang mga mukha, maliliit ang mga mata at senisado ang mga buhok.

(10) Ang mga nabanggit sa babasahing ito hinggil sa mga katangian ng Ya’jooj wa Ma’jooj ay sinipi at isinalin mula sa tekstong arabik ng mga Ḥadeeth ni Propeta Muḥammad (ﷺ).

Ang Ya'jooj wa Ma'jooj ay lilitaw upang sirain nila ang pangkabuhayan ng mga tao. Wala silang iiwanang mga ari-arian kundi kanilang sisirain, at wala silang madadaanan na tubig kundi kanilang iinumin, sapagkat iinumin nila ang mga tubig sa ilog hanggang sa may ilan sa kanila na dadaan sa isang ilog at iinumin nila ang lahat ng tubig nito.

Kaya, mananalangin si Hesus (عليه السلام) kung saan hihingi siya ng tulong sa Allăh (سبحانه وتعالى) laban sa Ya'jooj wa Ma'jooj, kaya magpapadala ang Allăh (سبحانه وتعالى) ng mga insekto sa kanilang mga leeg hanggang sa mamamatay na silang lahat.

Bilang pagsasabi ng katotohanan, matapos magawa ni Hesus (عليه السلام) ang kanyang mga tungkulin na dapat gawin dito sa Mundo ay mamamatay na siya sapagkat siya ay tao lamang na anak ng tao.

Tanging ang Allăh (سبحانه وتعالى) lamang ang nag-iisang tunay na Diyos na may walang hanggang buhay at kailanman ay hindi mamamatay.

ANG PANGWAKAS

Sa pananaliksik ng kaalaman, gabay ng isang tao ang kanyang makatuwirang pag-iisip at malinis na hangarin.

Ang bawat isa sa atin ay binigyan ng sariling pag-iisip, kaya huwag nating harangan ang ating sarili sa pagtuklas ng kaalaman hinggil sa katotohanan. Tunay na mapalad ang taong yumakap sa Islām ng buong puso, sapagkat siya ay katulad ng isang bagong isinilang na sanggol na walang kasalanan.

﴾**Sabihin mo (O Muḥammad) sa mga hindi nananampalataya, kung sila ay tumigil (sa kawalan ng pananampalataya, at kanilang yakapin ang Islām) ay patatawarin para sa kanila ang anumang nakaraan (na mga kasalanan)…**﴿ (Sūrah Al-Anfāl 8:38).

Nawa'y ang katotohanan ay magsilbing linaw sa ating puso't isipan upang ating matamasa ang tunay at ganap na kapayapaan dito sa Mundo hanggang sa buhay na walang hanggan sa Paraiso.

Para sa karagdagang kaalaman, mungkahi o kaya'y opiniyon para sa mga susunod na edisyon, mangyari lamang na makipag-ugnayan sa may-akda ng Aklat na ito. Marami pong salamat.

TALATUNTUNAN NG AKLAT

Si Hesus ay Nilikha na Walang Ama	16	عيسى ﷺ خُلِق مِن غير أب
Si Hesus ay Nagsalita Noong Nasa Duyan pa	17	عيسى ﷺ تكّلم في المهد
Si Hesus ay may mga Himala	18	عيسى ﷺ له معجزات
Si Hesus ay Isang Propeta at Sugo	20	عيسى ﷺ نبيّ ورسول
Si Hesus at ang Kanyang Ina ay Kapwa Kumakain ng Pagkain	21	عيسى ﷺ وأمّه كانا يأكلان الطعام
Si Hesus ay Nag-anyaya ng Pagsamba sa Allăh	21	عيسى ﷺ كان يدعو إلى عبادة الله
Si Hesus ay Binigyan ng Aklat na Injeel	22	عيسى ﷺ أُنْزِل عليه الإنجيل
Si Hesus ay Nagtanong Kung Sino ang Kanyang Makakatulong	24	عيسى ﷺ سَأَلَ مَن أنصاره إلى الله
Si Hesus ay Nagbabala sa mga Taong Nagtatambal sa Allăh	25	عيسى ﷺ حَذَّرَ قومه من الشرك
Si Hesus at ang Pagkababa ng Dulang Mula sa Langit	26	عيسى ﷺ ونزول المائدة من السماء
Si Hesus ay Nagsabi na Mayroong Darating na Isang Sugo Pagkaraan Niya	28	عيسى ﷺ بَشّر برسول يأتي من بعده
Si Hesus ay Hindi Napatay at Hindi Naipako	29	عيسى ﷺ ما قُتِل وما صُلِب

MGA REPERENSIYA NG AKLAT

Ang Banal na Qur'ân

Ang Tafseer Al-Jalālayn

Ang Tafseer Ibnu Katheer

Ang Sharḥ Riyāḍ Aṣ-Ṣāliḥeen

Ang Mukhtaṣar Al-Fiqh Al-Islāmi

MGA LATHALA NG MAY-AKDA


Ang Pag-aasawa at mga Karapatan

Ano ang Pagkakaalam mo sa Ribā (Pagpapatubo)?


Mga Alituntunin at mga Kahalagahan ng Pag-aayuno

Kasaysayan at Katangian ni Hesus sa Qur’ân

MORE OTHERS











مكتبة وقفية ريعها لجمعية النجاة الخيرية
+965 24713873 +965 90007402
ipbbookshop ipbbookshop
ipbbookshop@gmail.com